

Maria Timbang Palo: Pabirik na Kuwento ng Camarines Norte / *Maria Timbang Palo: Mining the Folktales of Camarines Norte*

Paz Verdades M. Santos
Volunteer Cultural and Environmental Worker
doodsantos@yahoo.com

Maikling pagbasa ng mga kuwentong bayan sa dalawang bayang tanyag para sa ginto sa Camarines Norte ang papel na ito. Gamit ang malapitang pagbasa, sinuri ang mga elemento ng iba't ibang bersiyon ng mga kuwento. Hiniram ang talinghaga ng pabirik sa paghahambing sa mga teksto upang ilarawan ang pagbabagong-anyo nito. Napansin na bumirik (umikot) ang mga kuwentong bayan mula sa larawan ng diwatang mapagbigay ng ginto tungo sa mga larawan ng Kristiyanismo. Ginamit ang post-kolonyal na konsepto ng teolohiya ng pakikibaka sa pagsuri sa mga pagbabago sa kuwentong bayan. Mas kumiling sa relihiyon ang mga larawan sa huling bersiyon ng kuwentong bayan at tinatantiyang nagamit ito upang mas maging maamo at masunurin ang mga Bikolnon sa mga bayan ng ginto upang tanggapin ang kanilang kahirapan, at upang umasa sa Kristiyanismo laban sa Islam. Nagtatapos sa mungkahing magsagawa ng *multi-disciplinary* na pag-aaral ng papel ng kultura lalo na ng relihiyon sa ekonomiya ng mahihirap na lalawigan sa Kabikolan.

Mga Susing Salita: Camarines Norte; Ekokritisismo; Ginto; Islam; Kuwentong bayan; Teolohiya ng paglaya

A reading of folktales in two towns known for their gold mines in Camarines Norte. Close reading is used to tease out the elements of the different versions of the folktales. Concepts of the post-colonial theology of struggles are used to read the evolution of the folktales. The metaphor of the pabirik (basin for panning gold) is used to describe the changes in the folk tales. It is noted that the folktales turned from the image of a generous woman who gave gold away to more biblical and Christian imagery. The highlighting of Christian imagery may have helped inculcate the values of meekness and obedience in the people in these mining towns to accept their poverty as well as depend on the received Christian religion against Islam. The paper concludes with a suggestion for a multi-disciplinary research project on the role of culture and especially religion in the economy of the poor provinces in the Bikol region.

Keywords: Camarines Norte; Ecocriticism; Folktale; Gold; Islam; Liberation theology

PANIMULA

Maraming pamilyar sa alamat ni Maria Makiling ng Laguna, at malamang sa mga kuwento ni Maria Sinukuan ng Pampanga at Maria Kakaw ng Cebu. Ngunit liban sa mga taga-Paracale, Camarines Norte, halos wala nang nakaaalam kahit sa Kabikolan ng

kuwentong bayan ni Maria Timbang Palo. Batay ito sa mga panayam sa mga Bikolnon na manunulat, mga guro, at mga mag-aaral, kahit sa Daet, Camarines Norte mismo. Di-tulad ng mga kuwento ng Bulkang Mayon at higanteng Kulakog, wala rin sa mga aklat ng mga kuwentong bayan ng Bikol ang kuwento ni Maria Timbang Palo. Dadalawa rin lamang ang

natagpuang pag-aaral ng mga kuwentong bayan ng Camarines Norte. Ang isa ay kay Nelly I. Cubar noong 1981, ngunit mga kuwentong bayan ng Vinzons, Camarines Norte ang kaniyang tinutukan. Pangalawa ang disertasyon ni Rose Ann D. Aler sa Pamantasang De La Salle noong 2020. Nagkalap si Aler ng mga kuwentong bayan ng Camarines Norte at ginamit ang konsepto ng bayan ni Zeus Salazar upang basahin ang mga ito. Kasama sa papel na ito ang isang kuwentong nakalap ni Aler.

Magsisimula ang papel sa pagsasalaysay ng mga kuwentong bayan ng dalawang bayan ng Camarines Norte na naging tanyag para sa mga minang ginto. Sinasabing salamin ng mga paniniwala, mga pagpapahalaga, kultura, at kahit kasaysayan ang mga kuwentong bayan (Dery 42–43). Kaya susubukan dito ang maikling pagsusuri ng diskurso bilang salamin ng kultura ng Camarines Norte, sa partikular sa mga bayan ng Mambulao at Paracale. Susuriin ang mga pangunahing tauhan, tagpuan, paksang-diwa, at pagpapahalagang pahiwatig sa iba't ibang bersiyon ng kuwentong bayan. Titingnan ang mga pagkakaiba ng mga bersiyon ng kuwento batay sa mga pinagtalunan, kasarian, at pinahahalagahan. Gagamitin ang konsepto at talinghaga ng pabirik, salitang Bikol para sa pinaiikot na palangganang gamit sa pagkabod o *gold panning*. Hihiramin ang mga post-kolonyal na konsepto ng mga iskolar ng teolohiya ng pagpapalaya (*liberation theology*) na binuod ni Victor Aguilan at mga konsepto nina Hjlem, at Doce at Adiong ukol sa papel ng relihiyon sa dominasyon at di-pagkakapantay-pantay ng lipunan sa pagbasa ng mga kuwento. Babanggitin din ang ekokritisismo sa pagbasa ng tagpuan ng mga kuwento. Mahalagang pag-aralan ang mga kuwentong bayan na ito dahil sa mga kabatiran na makukuha tungkol sa kaugnayan ng relihiyon sa kapangyarihan, kayamanan, kultura, at ekonomiya ng mga bayan ng ginto sa Bikol.

Mga Kuwento ni Maria

Isang daang taon o mahigit pa ang dalawang nakatalang kuwentong bayan ng Camarines Norte na naisadokumento sa wikang Ingles sa *The Antiquary's Notebook* (Barratt 268–269), ang “Gintong Kalabaw at ang Labingdalawang Gintong Sisiw” at “Gintong Payong.” Ikinuwento raw ito ng dalawang matandang taga-Paracale na 98 at 92 ang edad noong 1908.

Sa unang kuwento, nakamit ni Maria Ponay o Punay ang pahintulot ng hari ng Espanya na mangalap

ng kalalakihan sa lalawigan upang magmina ng ginto sa Calogcog dahil niregaluhan niya ang hari ng 12 gintong sisiw. May nakitang gintong kalabaw ang mga manggagawa sa loob ng mina ni Maria Punay, ngunit nang subukan nilang tipakin at ilabas ito, yumugyog ang lupa at bumulwak ang malakas na agos ng tubig na ikinamatay ng mga minero. Hindi na nakuha ang gintong kalabaw dahil bumabagyo raw tuwing subukang alisin ang tubig na tila di-maubos-ubos.

Yumaman naman daw sa pagmimina si Maria Timbang Palo na taga-Malaquit, Paracale at nagpagawa siya ng gintong payong. Nang marami na siyang ginto, namigay siya nito sa lahat ng dumaan sa ilog. Nagalit pa siya sa mga ayaw tumanggap at tinanong sila, “Ba’t ayaw ninyo ng ginto? Mayaman na ba kayo?” Minsan, may isang palabirong lalaking ayaw tanggapin ang ginto niya, at hinamon pa si Maria na habulin ito. Sumakay si Maria sa bangka upang habulin ang lalaki at muntik na siyang malunod dahil bumaligtad ang sinasakyan sa lakas ng agos ng ilog. Nahulog sa ilog ang kaniyang gintong payong at hindi na niya ito nakuha muli dahil kumikidlat tuwing subukin na bawiin ito; naging tahanan na raw ng umaawit na sirena ang payong.

May dalawa pang bersiyon ang kuwento ni Maria. Isa rito ang nakalap na kuwentong bayan ng Camarines Norte ni Aler para sa kaniyang disertasyon noong 2020. Tagapangalaga raw ng gintong baka ng Paracale si Maria Timbang Palo at lagi itong may dalang palo-palo upang parusahan ang mga abusadong parakabod at ang mga taong nais patayin ang gintong baka. Ang mga parakabod o *gold panner* sa Ingles ay ang mga nagmimina ng ginto sa mga ilog at sapa gamit ang kahoy na timba o palanggana na *pabirik* ang tawag.

Ikalawang bersiyon ang “Maria Timbang Palo,” video sa *YouTube* na gawa ng ilang mag-aaral sa Camarines Norte. Muling pagsalaysay o paghahalar ng kuwentong bayan (*retelling* at *adaptation*) ang video na ito ng mga mag-aaral na proyekto para sa kursong Panitikan ng Pilipinas. Sa video, nagpakuwento ang isang batang babae sa kaniyang ama kung saan galing ang ginto sa Paracale. Kuwento ng ama na bago magkaroon ng ginto sa Paracale, may mayaman na Don at Donya na mahigpit sa paniningil sa mga nangungupahan ng tindahan sa kanila. Dumating ang isang misteryosang babae na nagpanggap na pulubi, at pag may tumutulong sa kaniyang may ginintuang puso, binibigyan niya ng ginto. Nalaman ng taong bayan na si Maria Timbang Palo ang babae at may alagang

gintong baka ito sa likod ng kaniyang bahay na punò ng ginto. Sinubukan ng mayaman at matapobreng Donya at ibang ganid na agawin ang kaniyang kayamanan, ngunit tinulungan ng isang nagngangalang Andres si Maria. Galit na isinumpa ni Maria na “paghihirapan muna nila bago nila makuha ang bawat butil ng ginto na aking kayamanan.” Tumakas si Maria at Andres, dala ang gintong baka. Natunaw ang bahay at lahat ng kayamanan ni Maria, pumaimbulog, at kumalat sa iba’t ibang lugar sa lupa (Lovers). Sa ikalawang bersiyon na ito, walang nabanggit na mina o pagkabod; hindi rin binanggit kung saan galing ang yaman ni Maria Timbang Palo. Alamat ng pinagmulan (*origin myth*) ng ginto sa Paracale ang bersiyon na ito dahil ipinaliliwanag ang paglubog ng ginto at ang kahirapan ng paghukay nito. May pasaring pa na ninuno ng kinuwentuhan na bata sina Maria at Andres dahil may larawan nila sa bahay ng mag-ama.

Sa isa pang bersiyon na makukuha sa Paracale Gold Museum at sa maikling video-documentary na ginawa ng BAKAS noong 2021, tinutukoy pa rin si Maria Timbang Palo bilang tagapangalaga ng gintong baka. Ngunit nakatutok na sa baka at hindi kay Maria ang kuwento. Bigo sa pakay na dakpin ng mga mandirigma ang mapanirang higanteng gintong bakang si “Guinto” upang iregalo bilang dote (*dowry*) sa nobya at iisa lamang sa mga lalaki ang naiwang buhay sa paghabol sa baka. Pagdaka’y nasa ilalim na raw ng simbahan ng Paracale ang gintong baka at kumikidlat tuwing subukang bungkalin ito.

Ayon sa Tourism Officer ng Paracale na si Cielo Ley L. Javier, tila si Inay Kandi o Nuestra Señora de Candelaria ang pumalit kay Maria Timbang Palo bilang kuwentong bayan ng Paracale (BAKAS). Pinakamatandang patron ng Kabikolan si Inay Kandi, dala ng mga Pransiskano noong 1611. Gawa sa garing o *ivory* (Pintakasi) at tila lahing puti ang mukha ng imahen. Sa kuwento, mananalakay daw ang mga Morong lulan ng 37 vinta noong Agosto 29, 1809. Bumaba raw sa simbahan si Inay Kandi at dumanak ang dugo ng mga Moro sa tubig pagkatapos niyang pagtatagain ang mga ito ng kaniyang espada. Tinulungan din si Inay Kandi ng malalaking alon na lipulin ang mga Moro. Bumalik siya sa altar, putol ang isang daliri na hindi na mahugpong muli bilang paalala raw sa nangyari.

Pansinin lamang na iba-iba ang bersiyon ng kuwento ni Inay Kandi: putol daw ang lahat ng daliri ng isang kamay at hindi isang daliri lamang (San

Pedro, Pintakasi). Si Inay Kandi ang tanging imahen ni Maria na espada at hindi ang batang Hesus ang hawak (Philippine Faith and Heritage Tours). Ngunit sa mga larawan ni Inay Kandi ngayon, hawak ng imahen ang batang si Hesus, ang espada, at ang setro. Ayon kay San Pedro na sumulat ng katekesis, wala naman daw espadang gamit si Inay Kandi sa laban niya sa mga “piratang Moro-moro”; nagkandamatay lang ang mga ito dahil sa malalaking alon ng dagat. Idinagdag na lang daw ng mga tao ang espada at setro sa kaniyang imahen. Buhay na buhay pa ang kuwento ni Inay Kandi ngayon sa isang *coffeetable* na libro na *Inay Candi: Bearer of Light*, sa piyestang “Pabirik” ng Paracale, at sa ilang pahina sa *Facebook* ni Inay Kandi. Sa malakihang sayaw sa piyesta ng Paracale noong Enero 2023, tangan ng mananayaw ang mga imahen ni Inay Kandi at ang mga pabirik.

Mga Pangalan at Kasaysayan

Kakaiba, kaya magandang usisain ang mga pangalan nina Maria Punay at Maria Timbang Palo. Kailangan ding silipin ang ilang pangkasaysayang tala upang makapulot ng kabatiran ukol sa mga kuwentong bayang ito.

Inaangkin ng bayang Jose Panganiban, dating Mambulao, ang kuwentong bayan ni Maria o Donya Punay at ang 12 gintong sisiw, na malamang ay may batayan sa kasaysayan. Galing ang pangalan ng bayan ng Mambulao sa salitang *mambulawan* o “sagana sa ginto”; sinasabing maraming ginto rito bago pa dumating ang mga Kastila sa Pilipinas. Makikita ang maliit na estatwa ni Donya Punay na may hawak na pabirik sa bayang ito. Malapit sa sapa na konektado sa ilog o dagat ang Calogcog na ngayo’y Barangay Luklukan Norte kaya hindi kataka-taka ang kuwento na gumuho ang mina nang pinasok ito ng tubig. Sa *The Marsman Magazine* noong 1937, binanggit ng superintendente ng San Mauricio Mining Company sa Mambulao-Paracale, na “Doña Panay” ang tawag sa lugar na malapit sa sapa ng Calogcog (Barr 10). Maaring ang ‘u’ ng ‘Punay’ ay napagkamalang ‘a’ ng Panay, dahil sa pagbigkas ng titik na ‘u’ sa Ingles. May pagtantiya naman ang historyador na si Danilo M. Gerona na ang Kastilang si Apolinaria de los Reyes ang Donya Punay sa Monte Calogcog (Hernandez). Maaari nga namang palayaw ng Apolinaria ang Punay. Ngunit maaari ring bansag sa mayaman na donya ng Calogcog ang “Punay,” kung halimbawa, mataas ang dibdib niya kung maglakad, o humuhuni siya tulad

ng *punay* na salitang Bikol para sa kalapati o *fruit dove*. Bahagi ng kulturang Bikol, kung hindi man ng Pilipinas, ang pagbansag o pagbibigay ng pangalan batay halimbawa sa anyo, okupasyon, *eccentricity* o pagkakaiba, o pinanggalingan, halimbawa, nognog, buntis, pilay, pansit, Tagalog (Ragragio 293–299).

Galing naman sa Paracale ang kuwento ni Maria Timbang Palo. Galing sa salitang *para calé* o mga maghuhukay ng kanal (kalé o kalí). Ayon kay Aler sa kaniyang disertasyon, galing sa timba na ginamit niyang pamalò sa mga ganid na parakabod ang “Timbang Palo” na pangalan ni Maria ng Paracale. Ngunit batay sa *Vocabulario de la lengua Bicol* ni Lisboa, “estaca hincada” (274) o matibay na poste na ibinabaon sa lupa ang pálo. Sa *Diksyonaryong Bikol-Ingles* ni Mintz at Britanico (411), “pole or stake driven to the ground” ang salin ng salitang pálo, uri ng poste tulad ng gamit sa larong pálo-sebo. Kaya batay sa konteksto ng kuwento, mas malamang na galing sa gawaing pagkabod ang timba at pálo sa pangalan ni Maria at hindi sa pamalò. Gamit ang pálo at timba, minamarkahan ng parakabod ang lugar sa sapa o ilog kung saan maaari siyang humukay at sumalok ng buhangin at graba. Isinasalang niya ito sa pabirik at binibirik (iniikot) ito upang pilian ng mga butil ng ginto kung sakaling may napasama rito. Sa mga hindi pa nakakita ng pabirik, isipin na lang ang pag-ikot at pagtahip ng bigas sa bilao at ang pagpili’t pagtanggap ng maliliit na dumi at palay na napasama rito.

Maaring naghalo na ang kuwento ni Maria Punay at Maria Timbang Palo, dahil di naman kalayuan ang Calogcog sa Ilog Malaguit ng Paracale kung minero ang mga nagkakuwentuhan. “Paracale-Mambulao District” pa nga ang tawag sa minahan ng San Mauricio (Barr 10).

Ipinakita na nina Dery at Gerona na isang lapit sa pag-aaral ng mga kuwentong bayan ang paghanap ng ebidensiyang pangkasaysayan nito. Maaaring gawing proyekto ang paghahanap ng pangkasaysayang batayan ng mga kuwento, lalo na yaong kina Maria Timbang Palo at Inay Kandi dahil may mga tiyak na lugar, Ilog Malaguit, at mga petsang nasambit, circa 1728 at Agosto 28, 1809. Hinahanap nga raw ng Tourism Office ng Paracale ang tahanan ni Maria Timbang Palo upang gawin itong *tourist destination*. Sa proseso, baka madagdagan na rin ang pananaliksik sa sinasabing pamimirata ng mga Moro sa Bikol at mahalukay ang sinasabi ng historyador na si Francisco Mallari, S.J. na hindi lang naman Moro, kundi mga Europeoano,

Tirones, Camucones, Ilonggo, at iba pang grupo ang mga pirata sa Bikol noong kapanahunan (22–28). Baka mas malimi pa ang ibang perspektiba tungkol sa mga Moro tulad ng teorya ni Reynaldo Jamoralin, historyador na taga-Sorsogon: na ipinagtatangol lang ng mga Moro na tinatawag na ‘pirata’ ang kanilang kalakalan mula sa mga mandarambong na Kastila at ang kanilang pananampalataya mula sa mga hindi nananampalataya (61). Sa gayon ay mas madaragdagan pa ang pagsusuri ng anti-Islam na aspekto ng relihiyong Katoliko.

Paghahambing sa mga kuwento

Ipaghambing natin ang mga elemento at ugnayan ng kapangyarihan sa mga kuwento ni Maria upang makita kung ano at paano ito nagbago, mula kay Maria Punay tungo kay Inay Kandi.

Sa pangunahing paksang-diwa at pagpapahalaga, may mayaman at makapangyarihan at may mahirap. Mas malakas o mas makapangyarihan ang ibig sabihin ng simbolong “>” sa mga pormulasyon na ito: Espanya > Pilipinas; mayaman na babae (Maria Punay) > mahirap na lalaking manggagawa sa minahan.

Sa kuwento ni Maria Timbang Palo, mayaman > mahirap ang ugnayan, ngunit tila natanyog ng kaunti ang ugnayang ito dahil namigay si Maria ng ginto sa lahat ng dumaan. Natanyog din ang gahum ng babae dahil muntik nang mapamahak si Maria sa paghahabol sa lalaki.

Sa sunod na salindila ng kuwento, diskurso ang mayaman > mahirap, at sunod dito, mayaman na babaeng may ginintuang puso > mayaman na babaeng gahaman > ibang ganid.

Sa kuwento ng gintong baka, lalaki na ang bida: lalaki (mandirigma) > babae (noby) at kalikasan (gintong toro) > tao (lalaking mandirigma).

Sa kuwento ni Inay Kandi, puting babae > lalaki, Kristiyanismo > Islam, at Bikol > Moro.

Sa loob ng mga pagkakaiba-ibang ito, malinaw ang may kapangyarihan: Espanya at Kristiyanismo, mayaman, mapagbigay, palabán sa Moro.

Pinagtalunan din ang papel ng babae at lalaki at nanaig ang babae bilang bida. Babae ang may-ari ng mina, ang namigay ng ginto, ang tagapangalaga ng gintong baka, at ang tagapagtanggol ng mga Bikolnon.

Kung may aral o pagpapahalaga man sa unang bersiyon ni Maria Timbang Palo, iyon ang hindi natutukso ng kayamanan ang lahat ng tao. May pahiwatig din na huwag dapat habulin ang lalaki

dahil baka may mahalagang mawawala sa iyo (buhay, gintong payong). Sa huling kuwento, pangunahin na ang diskurso ng simbahang Katoliko na mayaman at Kastila, na pinalakas pa ng piyestang Pabirik na nakasentro kay Inay Kandi. Magarbo at tila ginintuan ang bihis ni Inay Kandi.

Sa sayaw ng mga taga-Paracale, maganda at masaya ang buhay ng mga parakabod dahil kahit kailangan nilang gumamit ng pabirik, kasama nila si Inay Kandi at pari. Pinalalabas nito na si Inay Kandi at ang Kristiyanismo ang tunay na ginto ng Paracale at hindi ang mga batong kumikinang sa mga sapa at ilog. Ibinalik ng piyesta ang kabuhayan ng pagkabod, na ngayo'y nakakahon na sa Katolisismo. Nanatili ang *status quo* ng kapangyarihan ng mayaman sa kuwentong bayan sa konteksto ng relihiyon.

Pabirik

Iniikot ang pabirik na may graba at buhangin mula sa sapa at ilog upang hanapan ng mga tipak o butil ng ginto.

Tulad ng pabirik, tila unti-unting bumirik, o binirik, ang kuwento ni Maria, mula sa isang bukas-palad na babae sa senaryong hindi pumapatol ang lahat ng tao sa salapi, tungo sa misteryosang babaeng pili na lamang ang binibigyan ng ginto. Mas kumiling na ito at ang mga sumunod na bersiyon sa mga kuwentong moralistiko: ang estruktura ng gantimpala sa mga mabuting tao at parusa sa mga sakim, at sa huli'y pinarusahan na nga ang lahat ng tao dahil sa kasalanan ng iilan sa sumpa ni Maria Timbang Palo (Loveres). Aral ito ng maraming kuwentong bayan at ng unang kasalanan nina Adan at Eba.

Bumirik ang kuwento mula sa donya ng mga minero at mala-diwatang namimigay ng ginto tungo sa lalaking gustong dakpin ang gintong toro. Inilibing ng buhay ang baka sa ilalim ng pastulan sa isang bersiyon ng kwento, at pagkatapos ay sa simbahan naman. Gantimpla/parusa pa rin ang padron ngunit mas may parunggit o alusyon sa gintong guya ng mga taga-Israel sa Exodo 32:1–4 ng Lumang Tipan. Pagpapahalaga nito na hindi dapat sambahin ang diyos-diyosan na ginto.

Isang birik pa at naglaho ang kuwento ni Maria, ng gintong baka, at ng pagmimina. Nangibabaw ang kuwento ni Inay Kandi laban sa mga Moro.

May pagbirik ding makikita sa paggamit ng lente ng ekokritisismo. Lumayo ang tagpuan sa minahan, tahanan, ilog, at parang ni Maria at ng gintong baka,

ibinaon pa ang huli sa simbahan ng Paracale kung saan tiningala naman ang tabernakulo ni Inay Kandi. Kapit na kapit na ang diskurso ng simbahang Katoliko sa huling kuwento na nakatutok kay Inay Kandi bilang tagapagligtas sa mga tao laban sa Islam.

Sa pagbirik ng tubig, graba, at buhangin sa pabirik, inaasahang makahahanap ng ginto ang mga parakabod.

Sa pagbirik ng mga kuwento mula kay Maria Punay hanggang kay Maria Timbang Palo, Guinto, at Inay Kandi, pananalig sa Kristiyanismo ng mga taga-Paracale ang natagpuan at hindi ginto. Napansin ito ni Cresencio B. Adlawan ng Provincial Tourism Operations Division, kaya hindi niya mapamagatan na “Paracale, the Town of Gold” ang artikulo niya tungkol sa bayan. Sa halip, pinamagatan niya itong “Paracale, the Town of Golden Faith” at hinikayat na gawing tourist destination na lang ang Paracale upang bumuti ang buhay ng mga tao ng mahirap na bayang ito.

Ngunit ginto nga ba ito, o *fool's gold*?

Kahit naging bantog ang Mambulao at Paracale sa daigdig sa nakaraang apat na siglo dahil sa dami ng ginto rito, naiwang mahirap ang bayan at mga tao rito. “Second class” at “third class” ang kategorya ng dalawang bayan na ito ngayon. Makikikita rin ang mga datos tungkol sa kahirapan sa mga bayang ito sa Status Report on the Millennium Development Goals (MDGs) Using CBMS Data noong 2010. Noong 2000, mahirap ang halos kalahati ng populasyon sa Paracale, at noong 2018, 37.61% pa rin ang mahirap doon, habang 34.5% naman ang mahirap sa Jose Panganiban (Mapa). Maihahalintulad ang kanilang kahirapan sa kalagayan ng mga magsasaka na kapos sa pagkain kahit sila ang nagpapakain sa bayan, o mga nagpapanday ng magagarang bahay ngunit tagpi-tagpi ang sariling tahanan. Napakalala ng kahirapan, nakapanghihilakbot ang kalagayan ng mga batang nagkakabod at sumisisid para sa ginto upang mabuhay ng disente ang pamilya (Lucenio, International Labor Organization 14–18). Bakit kaya hindi bumuti ang kalagayan ng mga taga-Paracale kahit nasa sariling lupa at ilog nila ang kayamanan? May ginto naman sila, yung minimina at gintong pananampalataya.

Mga Mapanghubog na Larawan

Maikakawing ang pagbirik ng kuwento ni Maria sa papel ng kolonisasyon na katuwang ang relihiyon sa panahon ng Kastila.

Sumipi si Victor Aguilan sa mga iskolar ng teolohiya ng pakikibaka, na larawan daw ng mga Pilipino ang “maamo, walang pakialam, at handang magtiis sa pagdurusa” (2014, 1). Iniugnay ito ng mga iskolar sa mahabang kasaysayan ng kolonyal na pang-aapi at dominasyon. Sa partikular, tinalakay nila ang paggamit ng mga imahen ni Hesukristo bilang sanggol (Santo Niño), nagdurusa (Hesus Nazareno), at nailibing (Santo Entierro) upang turuan ang mga indio na maging matiyaga at maamo upang hindi labanan ang dayuhan (1).

Sinabi rin ni Aguilan na “Tila inutil ang Kristiyanismo sa Pilipinas sa pagtugon sa mga suliranin ng kawalan ng katarungan, kahirapan, pangunguwala, at katiwalian sa lipunan. May pagtingin pa nga na nagparaya o tinangkilik ng Kristiyanismo ang status quo” (2017, 1).

Kinilala rin ng dalubhasang guro ng relihiyon na si Javier-Martinez ang negatibong epekto ng katahimikan ng Kristiyano, “pagkikibit-balikat, hindi pakikialam o pakikisangkot, pagtatago ng katotohanan, ugali ng ayaw makihalubilo sa iba at makibahagi sa pampamayanang usapin” (99–100). “Mabuti ang inaapi” nga naman ang itinuturo ng Mga Banal na Kapalaran o Beatitudes, at tinalakay na ito ni Nicanor Tiongson sa isang artikulo ukol sa mga paghahalagang itinutulak ng pelikula at drama sa Pilipinas.

Sa kuwentong bayan ng Mambulao at Paracale, bumirik o binirik ang larawan ng babaeng bida. Ang dating ‘donya’ at diwata na sina Maria Punay at mapagbigay na Maria Timbang Palo ay naging mandirigma sa larawan ni Inay Kandi. Tulad ng nabanggit, naiiba si Inay Kandi sa mga imahen ng ina ni Hesukristo: ito nga lang daw ang tanging larawan ni Maria na espada, at hindi ang Sto Niño ang bitbit (Pintakasi). Napakabangis ng imahen ng Ginang sa pagtaga sa mga Moro. Hindi maiiwasang maalala rito ang papel ng karahasan sa pagtaguyod ng relihiyon, sa partikular sa pagbura ng hindi kagrupo o karelihiyon sa Crusades, sa Holocaust noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at ngayon sa Gaza. Malamang na nagamit sa partikular ang larawang ito ni Inay Kandi sa anti-Islam na kampanya ng mga prayle sa Pilipinas.

Kung susundin ang mga konseptong ito ng teolohiya ng pakikibaka, maaaring isinaloob ng mga taga-Paracale ang kanilang kahirapan sa tulong ng pagpapahalagang natutuhan sa kuwentong bayan at ng relihiyon. Tinanggap ang kapangyarihan ng Espanya at mayaman, ang mga itinurong pagpapahalagang “huwag maging gahaman,” “kailangang paghirapan ang pagkuha ng ginto,” “huwag sambahin ang ginto,” “isa-Diyos na lamang,” at sa huli’y “hindi tayo pababayaang ni Inay Kandi.” Sa pagsasalooob ng mga pagpapahalagang ito, naging katuwang na ang mga tao mismo sa pang-aapi at pagsasamantala sa sarili nila. Tagumpay ang kolonisador, klerigo, at makapangyarihan sa pagpapaamo sa kanila. Di tulad ng gintong baka na pumalag nang subukan itong hulihin, masunurin at nilunok ng mga tao ang masaklap nilang ‘kapalaran’ bilang mahirap at kailangang maghirap upang makuha ang mas magandang buhay. Tiningala na lang nila ang mga Kastila at mayayaman at ipinagpalagay na kabutihang-asal at relihiyon ang makatutulong sa kanila.

Multi-disiplinal na pag-aaral

Maikling pagsusuri lamang ito ng mga elemento at pagkakaiba ng ilang kuwentong bayan mula sa dalawang bayan na nakilala para sa minang ginto sa Bikol. Ngunit ipinakikita nito na kailangan pang palalimin ang pag-aaral sa ugnayan ng relihiyon at di-pagkakapantay-pantay ng lipunan. Tesis ni Titus Hjelm na kailangan pa ng isang “tunay na kritikal na sosyolohiya ng relihiyon” upang makilala ang papel ng relihiyon sa dominasyon. Dapat na palitawin pa ang diskurso kung bakit wasak ang lupa sa mga pook na ito at mahirap ang tao.

Kaugnay sa wasak na lupa, maaari pang gamitin ang ekokritisismo bilang lente sa pagbasa ng mga kuwentong bayan na konteksto ang pagmina sa pagsuri ng tagpuan. Tila pag-aari ng katubigan, ng sirenanang nanirahan doon, at ng lupa ang ginto sa unang mga kuwento. Hindi mailabas ang gintong kalabaw sa mina ni Maria Punay; nilunod ang mga minero ng hindi maubos-ubos na tubig. Hindi rin mabawi ni Maria Timbang Palo ang gintong payong mula sa ilog. Hindi magapi sa pastulan, o makuha mula sa ilalim ng lupa o ng simbahan ang higanteng kalabaw

na si Guinto. Sa kuwento ni Inay Kandi, hindi kinaya ng mga sumalakay na Moro ang tindi ng hampas ng mga alon. Mas makapangyarihan ang kalikasan at binalikan ng mga kuwentong bayan ang kasakiman ng mga tao. Buhay o binubuhay rin muli ang gintong baka na *extinct* na sa diwa, tulad ng maraming *biodiverse species* na nagkandamatay na sa pagmina. Angkop ang ekokritisismo sa pag-aaral sa kahirapan at kalagayan ng lupa at dagat sa mga bayan na matagal ang pagmina, hindi lang sa Mambulao at Paracale, ngunit pati na sa Masbate. Halimbawa, hindi nakapagtataakang hawig ng kuwento ni Maria Timbang Palo ang alamat ng Bundok Pingganon sa Masbate, kung saan matatagpuan ang Aroroy na dating minahan at isang mahirap na bayan. May nakikita raw na mga gintong pinggan sa isang bukana sa bundok, ngunit sumara ang bukana nang maging ganid ang mga tao roon. May nagsasabi ring galing daw sa isang gintong baka ang mga pinggan na iyon (Asilum). Interessanteng masaliksik kung may gintong baka sa ibang kuwento sa mga bayan na may minahan ng ginto.

Kongklusyon ni Aguilan na kailangang punahin at baguhin ang itinuturong Kristiyanismo sa Pilipinas, kasama na ang mga imahen ni Hesus bilang maamo at inapi, upang magkaroon ito ng saysay at makatulong sa mas nakararami (2014, 8). Ngunit hindi ito madaling mangyari dahil napakatagal na at napakalalim ng hawak ng Katolisismo Romano sa Bikol. Pinaka-Katolikong rehiyon sa bansa ang Bikol na 93.5% ang mga Romano Katoliko ng populasyon ng sambahayan nito noong 2020 (Philippine Statistics Authority).

“Wishful thinking” pa nga raw ang proyekto ng dekolonisasyon ng relihiyon, ani Doce at Adiong, ang mga nagbuod ng dalawang *roundtable discussions* ng isang Decolonial Studies Program ng UP. “Kahit malaya na ang mga bansa sa pananakop, patuloy pa ang kolonyal na ugnayan ng kapangyarihan, ideolohiya, institusyon, at iba pang gawi” (7). Kailangan din ng kolektibong pagsisikap upang “lansagin ang kasalukuyang mga relasyon na hinubog ng mga panlabas na pwersang sosyo-ekonomiko, dahil kumikilos ang mga relihiyon sa loob ng isang mas malawak na hanay ng mga relasyon sa lipunan at kapangyarihan na humuhubog sa kanilang pag-uugali, gawain, at gawi” (23).

Maaring simulan ang pagbirik, una, sa pagbubukas ng mata, pag-aako ng katotohanan, at pag-uugat ng sanhi ng kahirapan at sa papel ng kasaysayan at kultura rito. Dapat itong gawin hindi lamang sa Mambulao at

Paracale, kung hindi sa iba pang minina at minimina pang lugar sa Bikol—sa mahirap at kinalbong isla ng Masbate, sa islang Rapu-Rapu sa Albay, at sa komunidad ng mga parakabod sa Caramoan, Camarines Sur na inilarawan sa pelikulang *Oro* ni Alvin Yapan.

Tungki o maliit lang na dulo ng higitang sistemang sosyo-politikal ang pinansin sa mga kuwentong bayan ng Camarines Norte na naisalaysay rito. Ngunit maaaring maging punla ito para sa isang multi-disciplinary na pag-aaral ng papel ng kultura lalo na ng relihiyon sa ekonomiya ng Kabikolan. Maganda nga sana kung magtutulongan ang mga guro, siyentipiko, mga iskolar ng kasaysayan, agham pampolitika, antropolohiya, ekonomiya, klerigo, at manggagawa sa sining upang ‘minahin’ ang mga magkaugnay na isyu upang makamit ang kaalaman at katotohanan kung bakit mahirap pa rin ang Kabikolan sa kabila ng likas na kayamanan nito. Batay rito, dapat maglatag ng mga mungkahi para sa mga gumagawa ng mga patakaran. Kahit hindi makinig ang kinauukulan, hawak na ng mga nasa akademya at sining ang datos at matalas na pagsusuri para sa adbokasiya, at maaring gamiting pampukaw sa mga kabataan at mag-aaral na palaguin pa ang naipunla.

Bumirik, binirik, at nagbago ang mga kuwentong bayan. Sa susunod na piyesta ng Paracale, sana’y magkaroon ng muling pagbirik ang kuwentong bayan tungo sa mas mapagpalaya, makatarungan, at kaakibat nito, makakalikasan na diskurso. Kailangan sanang mabago ang kultura ng bayan, lalawigan, rehiyon, at bansa, upang hindi na basta hayaan o palakasin pa ang pagsasamantala at pang-aapi ng mga makapangyarihan.

Maaari halimbawang buhayin muli ang kuwento ni Maria Timbang Palo, hindi upang magbigay ng ayuda katulad ng gawi-gawi ng mga politiko, bagkus ay sa lahat ng nagsisikap at gumagawa. Binihisan si Inay Kandi ng gintong pananamit at espada. Ano kaya kung muli siyang bihisan, na sa halip na magmukhang amasonang mamamatay-Moro o kumikinang sa gintong mayamang Kastilang santa, gawing larawan ng mas payak na Ina na nagtuturo sa mga tao na para sa *lahat* ang ginto at hindi para sa iilan lamang, at ang wasiwas ng kaniyang espada ay wasiwas para sa katarungan.

Sa gayon, materyal man na ginto para sa disentang pamumuhay ng lahat ng mga taga-Paracale, o espiritwal na kayamanan ng tunay na Kristiyanismo, makatutulong ang mga kuwentong bayan upang magkaroon ng katarungan at bumuti ang kalagayan ng mga mamamayan at ng bayan.

SANGGUNIAN

- Adlawan, Cresencio B. "Paracale, Town of Golden Faith." *CometoCamNorteblog*. Wordpress, 29 May 2017.
- Aguilan, Victor R. "Encountering Jesus in the Midst of Struggle: A Christology of Struggle." *Researchgate.net*, 2014.
- . "Theology of Struggle: a Postcolonial Critique of Philippine Christianity & Society." *Academia.edu.*, Abr. 2017.
- Aler, Rose Ann DP. *Ang Konsepto ng Bayan sa mga Kwentong-bayan ng Camarines Norte*. 2020. De La Salle University, Disertasyon.
- Asilum, Jofer Bunan. "The Legend of Mount Pingganon: A Folktale of Masbate." Message to the author. 16 Feb. 2024. Messenger chat.
- BAKAS. "Gintong Baka sa Ilalim ng Simbahan ng Paracale Video." *Facebook.com*. 31 Okt. 2021. 5 Enero 2024.
- Barr, H. L. "San Mauricio Mining Company." *The Marsman Magazine* vol. 2, no.5, Nov. 1937.
- Barratt, R W. The Antiquary's Note-Book. *The Antiquary* 8, London, Jul. 1912, pp. 268–269.
- Cubar, Nelly I. *Notes on the Folk Literature and Vocabulary Peculiarities of Vinzons, Camarines Norte*. University of the Philippines, 1981.
- Dery, Luis C. "Bikol History in Bikol Folklore: Documentary Evidences of Five Bikol Oral Traditions." *The Journal of History* vols. 36–37, nos.1–2, 1992, pp. 33–46.
- Doce, Brian U. and Nassef Manabilang Adiong. "Decolonizing Religion: Wishful Thinking or a Real Possibility?" Discussion Paper Series 2023–09. University of the Philippines, Center for Integrative and Development Studies Decolonial Studies Program, 2023.
- Hernandez, Alfredo P. "Dona Ponay Relived in New Book." *Mambulaoans Worldwide Buzz*, 28 July 2013.
- Hjelm, Titus. "Religion, Discourse and Power: A Contribution towards a Critical Sociology of Religion." *Critical Sociology* vol. 40, no.6, Nov. 2014, pp. 855–872.
- International Labor Organization and Asia Development Consultants Incorporated. *In search for the Pot of Gold*, 2003.
- Jamoralin, Reynaldo. "Divide et Impera and the Moros." *Tracing: From Solsogon to Sorsogon*. Edited by Reynaldo Jamoralin, Sorsogon Arts Council, Inc., 1994.
- Javier-Martinez, Dorothy. *Pahingalay: Isang Mabathalang Pag-aaral ng Pananahimik at Maka-Filipinong Paraan Ng Pagninilay*. Claretian Communications Foundation, Inc., 2022.
- Lisboa, Maicos de. *Vocabulario de la lengua Bicol*. American Philosophical Society, 1628. Manila: Est. Tip. del Colegio de Santo Tomas, 1865. Digital File from the University of Michigan archives.
- Loveres, Dhianee. "Maria Timbang Palo." *YouTube*, 10 Okt. 2022.
- Lucenio, Marielle. "The Gold Trap: How Covid19 Is Pushing Filipino Children into Hazardous Work." *Asian Geographic*, 18 Nob. 2021.
- Mallari, Francisco, SJ. *Vignettes of Bicol History*. New Day Publishers, 1999.
- Mapa, Dennis S. "PSA Releases the 2018 Municipal and City Level Poverty Estimates." *2018 Municipal and City Level Small Area Poverty Estimates, Philippine Statistics Authority*, 15 Dec. 2021.
- Mintz, Malcolm W., and Jose del Rosario Britanico. *Bikol-English Dictionary; Diksionaryong Bikol-Ingles*. New Day Publishers, 1985.
- Oco, Don Amador. "A Legendary Tale: The Golden Bull of Paracale." Gold Museum of Paracale. *YouTube*, 22 July 2020.
- "Pabirik Gold Panning Festival Honors the Gold Mining Industry." *Travel to the Philippines*, 2017.
- Philippine Faith and Heritage Tours. "Parroquia De Nuestra Señora De Candelaria." 2023.
- Philippine Statistics Authority. "Religious affiliation in Bicol Region: 2020." 12 March 2023.
- Pintakasi. *Chronicles of Philippine Popular Piety and Local Ecclesiastical History*. "Nuestra Señora de Candelaria de Paracale – Patroness and Protectress of Paracale, Camarines Norte." 13 May 2020.
- Province of Camarines Norte. Status Report on the Millennium Development Goals (MDGs) Using CBMS Data. 2010.
- Ragragio, Mayo. "Bansag." *The Historical and Cultural Heritage of the Bikol People*. Edited by James O'Brien, S.J., Ateneo de Naga University, 1993.
- Republic of the Philippines. "Province of Camarines Norte." 2018.
- San Pedro, Arabella Ditas. "Inay Candi Tagapagtanggol ng Bayan ng Paracale." *Facebook.com*. 16 Agosto 2019. 16 Feb. 2024.
- Tiongson, Nicanor G. "Four Values in Filipino Drama and Film." *Rediscovery: Essays in Philippine Life and Culture*. Edited by Cynthia Nograles Lumbera and Teresita G. Maceda, Ateneo de Manila University and The National Bookstore, 1977.
- Tuzon, Rens. *Inay Candi: Bearer of Light*. Totale Image Asia, 2013.